# Tinawag Ako

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Aldrich Gamboa, O.S.J.

Hulyo 29, 2023

May plano ang Diyos sa ating lahat. Maaari tayong maghanda ng malaking plano para sa ating buhay, ngunit higit na mas malaki ang plano ng Diyos sa atin bago pa man tayo isilang (Jer.1:5). Ang personal na pagtawag sa atin ay maaaring maka-pagpabago sa ating buhay, at sa Kanyang pagtawag, masusumpungan natin ang ating kayamanan. Kapag napagtanto na natin ang plano ng Diyos at isinuko ang ating sarili sa Kanyang kagustuhan, doon pa lamang natin matatagpuan ang lubos na kasiyahan at kahalagahan ng ating buhay. Kaya, manalangin tayo nang taimtim na bigyan Niya tayo ng karunungan upang malaman natin ang kalooban ng Diyos, kung ano ang tama at mali (1Hari 3:5-14).

**May Tatlong Implikasyon ng Pagtawag na maging Kristiyano:**

1.**Tinawag tayong maging Banal** (Lev.19:2, Mt.5:48)

1.1. Lahat ng nabibilang sa Simbahan ay tinawag upang maging banal. Hindi kailan man tayo magiging perpekto. Ngunit ang grasya ng Diyos ang paraan upang maging perpekto tayo at ang Kanyang pagmamahal ang tutulong sa atin.

1.2. Kailangan nating itaas sa Diyos ang lahat ng ating hangarin at manalangin ng Kanyang grasya na punan ang ating mga kakulangan at para mamuhay sa atin ang Kanyang puso.

1.3. Inaalalayan ng Diyos ang lahat ng Kanyang tinawag. Huwag nating maliitin ang Kanyang grasya. Laging sapat ang Kanyang tulong sa atin upang tayo ay maging banal.

1.4. Kabilang man sa herarkiya o hindi, maaari tayong maging banal kapag tayo ay tumugon sa Kanyang tawag na maging banal. Ang kabanalan na hinihingi Niya sa atin ay tulungan ang iba, maski mahirap para sa atin.

2. **Tinawag Tayo upang Magmahal** (Juan 13:34).

2.1. Pagmamahal ang pinakadakilang paraan ng pagpapakita ng kabanalan. Noong hinugasan ni Hesus ang mga paa ng Kanyang mga alagad, binigay Niya ang utos na ito - magmahalan kayo tulad ng pagmamahal Ko sa inyo.

2.2. Ang pag-ibig ng Diyos ay mahiwaga. Napakadaling maunawaan kapag tayo ay nabibiyayaan ng magandang kalusugan at matiwasay na buhay. Ngunit napakahirap intindihin ang pagmamahal Niya kapag tayo ay nahaharap sa mga sakit at pagsubok o di kaya hindi tinutugon ang ating mga kahilingan ayon sa ating kagustuhan.

2.3. Sa gitna ng mga trahedya sa ating buhay, nararamdaman pa rin natin ang Kanyang pagmamahal. Kapag may pumanaw na mahal sa buhay, nararanasan natin ang himala ng pagpapaalam at hinahayaan nating maganap ang Kanyang kalooban.

2.4. Ang sinumpaan ng pari na kalinisang-puri ay isang pagpapahayag ng pag-ibig; ito ay walang inaangking ari-arian, ang pag-aalay niya sa kanyang sarili para higit na makapaglingkod sa tao.

3.**Tinawag tayo upang Magmisyon** (Marcos 16:15)

3.1. Ibinigay ni Hesus ang kautusan sa mga alagad: humayo at ipahayag ang Magandang Balita.

3.2. Tinawag tayong muli sa makabagong paraan ng pagpapahayag. Magpahayag tayo sa iba upang mabuksan muli ang kanilang puso at isuko sa Diyos ang kanilang buhay.

3.3. Ang butil ng pagmamahal ng Diyos ay dapat maitanim sa puso ng bawat miyembro sa pamilya.

3.4. Maaaring regalo tayo ng Diyos sa kapwa at daluyan ng Kanyang pagmamahal.

**Konklusyon**:

Nasa atin kung paano natin malalaman paano tayo tinatawag ng Diyos. Kung tumugon tayo sa Kanyang tawag, mahahanap natin ang tunay na kaligayahan. Ang katuparan ng ating pangarap ay makamit ang kalooban ng Diyos. Kapag tayo ay nagtitiwala at sumusunod sa Kanya, pagpapalain Niya tayo.

**Pagninilay:**

1. Paano ka sumasagot sa tawag ng Panginoon? Napagtanto mo na ba ang iyong bokasyon?
2. Kung hindi pa, paano mo malalaman ang kalooban ng Diyos para sa iyo?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni:** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#TinawangMagingKristiayano#Banal